# Kagawaran ng Edukasyon

# Araling Panlipunan 9

## Konsepto ng Supply

### Ikalawang Markahan – Ikatlong Linggo




John William B. Cajano

***Manunulat***

Grace C. Columbino

***Tagasuri***

Carol C. Monroid

***Layout***

Edwin C. Abalos

Mark Joseph C. Fernandez

***Katibayan ng Kalidad***



**Schools Division Office – Muntinlupa City**

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940



**INAASAHAN**

Sa araling ito, inaasahang mailalapat ang kahulugan ng supply sa pang-araw araw na pamumuhay ng bawat pamilya. Malalaman din dito kung paano nakakaapekto ang supply ng mga produkto sa pamilihan at kung paano nakaaapekto ang supply sa presyo ng bilihin ng bawat produkto maging sa mga mamimili at sa mga prodyuser.

Matutunghayan din sa araling ito, ang relasyon ng presyo sa supply bilang batayan ng pagtatakda ng dami ng produkto handang ipagbili ng mga prodyuser sa itinakdang presyo. At sa huli, inaasahan na matutunan kung paano nakakaapekto sa daloy ng pamilihan ang supply at mailalapat ang mga kaalaman at malinang sa ating pang araw-araw na pamumuhay.



**UNANG PAGSUBOK**

**I. Panuto**: Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.
   A. Demand　　C. Market
   B. Ekwilibriyo　　D.Suplay

2. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** makakaapekto sa dami ng produkto na maaring i-suplay?
   A. Pagbabago sa teknolohiya
   B. Pagbabago ng presyo sa pamilihan
   C. Pagbabago sa bilang ng manininda
   D. Pagbabago sa bilang ng tumutulong sa pamilihan

3. Ito ay paraan ng pagpapakita ng ugnayan ng presyo at quantity supplied.
   A. Supply　　C. Supply Function
   B. Supply Curve　　D. Supply Schedule

4. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng relasyon ng suplay at presyo ayon sa Batas ng Suplay?
   A. Kapag tumataas ang presyo, tumataas ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
   B. Kapag tumataas ang presyo, bumababa ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
   C. Kapag tumataas ang suplay, tumataas ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.
   D. Kapag tumataas ang suplay, bumababa ang dami ng produkto at serbisyo na handa at kayang ipagbili.

5. Ito ay talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo.
   A. Supply　　C. Supply Function
   B. Supply Curve　　D. Supply Schedule

**II. Panuto:** Buuin ang supply schedule sa pamamagitan ng paggamit ng supply function na:

Gamit ang ***Supply Function*** na **Qs = 0+50P** at itinakdang presyo sa ibaba, bumuo ng hypothetical na iskedyul na magpapakita ng iyong desisyon kung ilang *KWADERNO* ang handa mong ipagbili. Matapos ito ay i-plot ang iskedyul upang mabuo ang supply curve.

| ***Supply Schedule*** | |
|---|---|
| Presyo ng Notebook | Dami ng ibebenta |
| 21 | **6.** |
| 18 | **7.** |
| 15 | **8.** |
| 12 | **9.** |
| 9 | **10.** |

| ***11-15. Supply Curve (Limang Puntos)*** | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 24 | | | | | | | |
| 21 | | | | | | | |
| 18 | | | | | | | |
| 15 | | | | | | | |
| 12 | | | | | | | |
| 9 | | | | | | | |
| 6 | | | | | | | |
| 3 | | | | | | | |
| 0 | | | | | | | |



**BALIK-TANAW**

**SURI-RAWAN**

**Panuto:** Suriin ang ipinapakita sa larawan at sagutin ang mga gabay na katanungan sa ibaba.





*Pinagkunan: https://tinyurl.com/y4lnka4u*

Gabay na Tanong:
- Ano ang iyong nahihinuha mula sa mga larawan?
- Bakit maraming Pilipino ang tumatangkilik sa mga iba't-ibang Social Media Site at Applications?
- Paano nakakaapekto ang demand sa buhay ng tao? Anu-ano ang salik ng demand?




## PAGPAPAKILALA NG ARALIN



*Pinagkunan:https://tinyurl.com/yyw9othx*

Ang ***Supply*** ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.

Ayon sa ***Batas ng Supply***, mayroong direkta o positibong ugnayan ang presyo sa quantity supplied ng isang produkto. "*Kapag tumataas ang presyo, tumataas din ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili. Kapag bumababa ang presyo, bumababa rin ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili*". ***(Ceteris Paribus)***




***PARAAN SA PAGLALARAWAN NG RELASYON NG PRESYO AT SUPPLY***

Ang ***Supply Function*** ay matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at quantity supplied. Ang Qs o *quantity supplied* ang tumtayong *dependent variable* at ang presyo naman ang *independent variable.*

Ibig sabihin, nakabatay ang ***Qs*** sa pagbabago ng presyo. Ang *Presyo* ang nakapagpapabago sa dami at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Isa pang paraan ng pagpapakita ng *supply function* ay sa equation na:

**Qs= c+bP**

Halimbawa: **Qs = 0 + 10P.** Tayain natin kung liana ng supply ng Kendi sa Presyo A = 1 at Presyo B = 5.

| | |
|---|---|
| Qs = 0 + 10P | Qs = 0 + 10P |
| Qs = 0 + 10(1) | Qs = 0 + 10(5) |
| Qs = 0 + 10 | Qs = 0 + 50 |
| Qs = 10 piraso | Qs = 50 piraso |

Kapag P (presyo) ang hinahanap.

Halimbawa. **Supply Function ay Qs = -300 + 20P**. Kung ang Qs ay 0 ano ang P?


QS= -300 + 20P
O = - 300 + 20P
300 =20P
**P = 15**

Ang ***Supply Schedule*** ay isang talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo.


**Supply Schedule para sa Kendi**

| Presyo bawat piraso | Quantity Supplied |
|---|---|
| Php 5 | 50 |
| 4 | 40 |
| 3 | 30 |
| 2 | 20 |
| 1 | 10 |
| 0 | 0 |

Ang ***Supply Curve*** ay grapikong paglalarawan na nagpapakita ng direktang ugnayan o relasyon sa pagitan ng presyo at quantity supplied




*Pinagkunan:https://tinyurl.com/y2ptzvv8*



**GAWAIN**

## AP PATROL

Panuto: Ibigay ang iyong saloobin mula sa mga *"headline"* ng balita




*Pinagkunan: https://tinyurl.com/yyrmwo7v*

1. Ano ang pangunahing dahilan ng pagtaas ng presyo ng gulay at karne sa mga pamilihan?
2. Paano naapektuhan ng Supply ang presyo ng bilihin sa mga pamilihan?
3. Bilang isang indibidwal, paano ka naapektuhan ng nasabing balita?

## SUPLAYAN MO!

**Panuto:** Buuin ang supply schedule sa pamamagitan ng paggamit ng supply function na: **Qs = - 300 + 20P.**

| PUNTO | QS | P |
|---|---|---|
| A | 0 | |
| B | | 18 |
| C | 100 | |
| D | 140 | |
| E | | 25 |
| F | | 28 |
| G | 300 | |



## TANDAAN

Ang ***Supply*** ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.


Ayon sa ***Batas ng Supply***, "Kapag tumataas ang presyo, tumataas din ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili. Kapag bumababa ang presyo, bumababa rin ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili". *(Ceteris Paribus).*

Ang ***Supply Function***, ***Supply Schedule*** at ***Supply Curve*** ay mga representasyon upang makita ang relasyon ng dami ng produkto at serbisyo na handang ipagbili ng mga prodyuser sa isang itinaktadang presyo.



## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**KA-SAY-BIHAN**




*Pinagkunan: https://tinyurl.com/yxzyxxl8*

**Gabay na Tanong:**

1. Ano ang mensahe ng pahayag mula sa larawan?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ____________________________________________
2. Bakit kailangang suplayan ng mga prodyuser ang mga pangangailangan ng konsyumer?
   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________
   ____________________________________________________
3. Bilang isang indibidwal, sa pagbili ng mga produkto isinasaalang-alang mo ba ang presyo? Bakit? Pangatwiranan!________________________________________

________________________________________________________________



**PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT**

**A. Panuto:** Piliin ang tamang sagot mula sa kahon sa ibaba at isulat ito sa patlang.

| | |
|---|---|
| **Batas ng Supply** | **Supply** |
| **Supply Function** | **Supply Curve** |
| **Supply Schedule** | |

________ **1.** Tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo sa isang takdang panahon.

________ **2.** Ito ay matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at quantity supplied.

________ **3.** Grapikong paglalarawan na nagpapakita ng direktang ugnayan o relasyon sa pagitan ng presyo at quantity supplied.

________ **4.** Talaan na nagpapakita ng dami ng kaya at gustong ipagbili ng mga prodyuser sa iba't-ibang presyo.

________ **5.** "Kapag tumataas ang presyo, tumataas din ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili. Kapag bumababa ang presyo, bumababa rin ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili".

**B. Panuto:** Buuin ang supply schedule ng **"Tsokolate"** sa pamamagitan ng paggamit ng supply function na Qs = 200 +10P.

| ***Supply Schedule*** | | |
|---|---|---|
| **PUNTO** | **QS** | **P** |
| A | 0 | **6.**_____ |
| B | **7.**_____ | 25 |
| C | 320 | **8.**_____ |
| D | 370 | **9.**_____ |
| E | **10.**____ | 40 |

| **11-15. *Supply Curve* *(Limang Puntos)*** | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *50* | | | | | | | | |
| *45* | | | | | | | | |
| *40* | | | | | | | | |
| *35* | | | | | | | | |
| *30* | | | | | | | | |
| *25* | | | | | | | | |
| *20* | | | | | | | | |
| *0* | *2 200* | *250* | *300* | *350* | *400* | *450* | *500* | *550* |

*Presyo*

*Quantinty Supplied*

**Sanggunian**
**Aklat**

- Consuelo M. Imperial et. al (2016) Kayamanan Ekonomiks, Rex Bookstore, P. 158

**Modyul**

- Department of Education (2015) Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module P. 141-147

**Website**

- Pinagkunan: https://tinyurl.com/y4lnka4u
- Pinagkunan:https://tinyurl.com/yyw9othx
- Pinagkunan: https://tinyurl.com/yxzyxxl8

**Susi ng Pagwawasto**

**UNANG PAGSUBOK**

1D,2D,3C,4C,5D,6.1,050,7.900,8.750,9.600,10.450

**GAWAIN**

A.15,B.60,C.20,D.22,E200, F.260,G.30

**PANGWAKAS NA GAWAIN**

1.Supply,2.Supply Fuction,3.Supply Curve,4.Supply Schedule,5.Batas ng Supply,6.20,7.270,8.30,9.35,10.420